

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 4 Blg. 2

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Marso-Abril 2016

SPT muling isinagawa para sa mga magsasaka-katiwala

Ni: Charlene P. Corpuz

Muling pinangunahan ng National Impact Zone *coordinating unit* ng PCC ang isang *Social Preparation Training* na may temang “Proyektong Unlad-Kabuhayan Salig Sa Kalabaw” sa Sitio Saudi, Brgy. Pias, Gen. Tinio, Nueva Ecija nitong Marso 1-2.

Ang nasabing pagsasanay, na dinaluhan ng 10 magsasaka-katiwala mula sa kooperatibang Buklod ng Samahang Magsasaka (BSM), ay pinadalo ng mga kawani ng Philippine Carabao Center mula sa operation unit na sina Ericson Dela Cruz at Carlo Tienzo.

Kaakibat ng PCC sa ginanap na gawaing ito ang ilang LGU *representatives* ng Gen. Tinio.

Nagsilbing tagapagsalita si Dela Cruz, Carabao-Based Enterprise Development (CBED) *national training coordinator*, kung saan tinalakay ang ilan sa mga pangunahing pangangailangan sa pagbuo ng epektibong kooperatiba o samahan.

Ang layunin ng pagsasanay ay ang mabigyan ng mas matibay na kaalaman ang mga magsasaka-katiwala tungkol sa pamamahala ng kabuhayang salig sa kalabaw.

Sinimulan ni Dela Cruz ang pagsasanay sa unang araw sa pamamagitan ng paghimok at paghahanda sa mga kalahok sa paraang pagbabahagi ng mga iba't-ibang salawikain.

Binigyang-diin ni Dela Cruz ang kahalagahan ng pagkakaroon ng iisang layunin ukol sa pag-aalaga at pagpapalahi ng alagang kalabaw. Aniya, higit na makabuluhan ang lahat ng gawaing may pagkakaisa ng bawat kasapi ng samahan.

Gayundin, ipinakilala sa pagsasanay ang mga kaalamang maibabahagi ng PCC tungkol sa pag-iimbentaryo ng mga hayop, pagsisinop ng pakain, pag-aalaga at pagmimintina ng mga alagang hayop sa tamang kondisyon at pangangatawan.

Kasama rin sa unang araw ang *preliminary assessment* o paunang pagkilala at pagtukoy sa kakayahan

(Sundan sa p.2)

Tuloy ang buhay para sa ‘Angat Buhay’

Ang natatanging babaeng lider sa likod ng pagbabalik ng Angat Buhay

Ni: Paul John Villamor



Si Reina Lumboy ang tumatayong lider ng Angat Buhay Producers Cooperative-Calabalabaan, Science City of Muñoz.

Sariwa pa sa kanya, ang mga panahong tinitingala pa sila.

Nakilala ni Reina Lumboy, 38 ang Angat Buhay Producers Cooperative (ABPC), isang samahan ng mga kababaihan sa Brgy. Calabalabaan sa Science City of Muñoz taong 2002. Simula noon, nasaksihan niya ang pag-angat ng grupo sa kabuhayang salig sa kalabaw dahil isa si Lydia, ang kanyang ina sa unang 25 na naging kasapi ng kooperatiba.

Ngunit sa kabila ng tagumpay, dumating din ang pagsubok sa samahan. Gayunpaman, alam ni Reina na ang dapit-hapong nararanasan ng kooperatiba ay matutuldukan din. Bilang kasalukuyang lider ng ABPC, kampante siya na kapag nagtulung-tulong ang bawat natitirang kasapi ay matatapos ang pagsubok at muling sisikat ang araw, magbabalik ang nawalang sigla.

“Gusto kong buhayin muli ang koop. Pito kami, kumpiyansa ako na kaya namin. Patuloy lang sana kaming alalayan,” ani Reina na positibong tumugon sa tanong na

kaya ba niyang pangunahan na ibangon muli ang koop.

Sinabi niyang sa kabila ng maliit na bilang nila sa ngayon, kumikilos naman ang lahat at naniniwala siyang malaking tulong ang maibibigay ng PCC.

Pagpapatuloy ng nakagisanan

Taong 2006 nang makuha ng ABPC ang pagkilala bilang ‘Outstanding Dairy Cooperative’ mula sa PCC, apat na taon makalipas nilang pasimulan ang paggagatas ng kalabaw. Umabot sa 100 *Bulgarian buffalos* ang kanilang inalagaan, 32 ay nagpoprodyus ng gatas araw-araw na sumasapat para bigyan ng magandang kita ang 36 na miyembro.

Nang magkaproblema sila sa pagbabagsakan ng nakukuhang gatas, nagsimulang mawalan ng gana ang mga kasapi at tuluyang umalis sa kooperatiba. Kakulangan sa tiyaga at pasensya ang pumutol sa dati’y masaganang kampanya ng

mga kababaihan ng Calabalabaan sa paggagatas.

Ito ngayon ang matinding hamon na gustong bagtasin ni Reina sa kanilang pagtatangka na muling maibangon ang ABPC at maibalik sa hanay ng mga natatanging kooperatiba sa paggagatas ng kalabaw.

“Kuwento ni Nanay Lydia noon, kapag nasa pulong siya, umaabot sa puntong umiinit na ang ulo ng lahat dahil hindi magkasundo kung ano ang gagawin. Sa sitwasyon ngayon, dapat habaan ko ang aking pasensya sa lahat ng pagkakataon, at pakinggan ko ang lahat ng panig para walang magtatampo,” sagot ni Reina kung paano magkakaroon muli ng magandang samahan sa grupo.

Naging opisyal na miyembro ng ABPC si Reina noong 2014 at nagsilbing tagahalili ng kanyang ina sa mga naiwan nitong gampanin nang pumanaw ito, isang taon bago

(Sundan sa p.2)

Tanong at Sagot

Mga dapat malaman tungkol sa

LIVERFLUKE



Ano ang liverfluke?

Ang *liverfluke* ay linta sa atay at apdo na maaaring makuha ng kalabaw, baka at kambing mula sa mga kontaminado at matutubig na sugahan o pinagkukunan ng damo.

Ano ang mga sintomas na dulot ng *liverfluke* sa alagang kalabaw, baka at kambing?

- Pananamlay
- Pagkawala ng ganang kumain
- Biglaang pamamayay
- Pagtatae (malatubig, malansa, kulay berde)

Paano ito maiiwasan?

I-kulong ang kalabaw at bigyan ng malinis na tubig at damong ligtas sa *liverfluke* gaya ng: *napier grass*, *guinea grass*, *silage* o burong damo, at *hay* mula sa sariling taniman.

WA-g isuga ang kalabaw sa matutubig na lugar at kontaminadong pastulan.

S-iguraduhin ang regular na pagpupurga tuwing ikatlo-ikaapat na buwan kung hindi siguradong ligtas ang pinanggalingan ng pagkaing damo.

Pinagkunan/Kasangguni: Carabao-based Enterprise Development Division, Philippine Carabao Center, University of the Philippines – Los Baños, Laguna, Philippines

SPT muling isinagawa...

(mula sa p.1)

ng bawa't kasapi ng samahan o kooperatiba.

Sa ikalawang araw ng pagsasanay, binigyan naman ng higit na malalim na pagtalakay ang *self-assessment* at iba pang mga paksa kabilang ang mga sumusunod:

- mga kinakailangan sa proyektong kabuhayan salig sa kalabaw
- batayang legal ng proyekto
- kahalagahan ng proyektong salig sa kalabaw
- hagdanan ng pangangailangan ni Maslow
- bintana ni Johari
- kahalagahan ng ugnayan
- mga katangian ng isang nagtataguyod ng proyekto
- batayan sa pagtanggap o paglahok sa proyekto
- mga gabay sa pagtatasa ng proyekto

haligi para sa tuluy-tuloy na tagumpay ng proyekto

- pagtatasa sa saklaw na lakas
- hantungan ng nilalayon
- ikot o gulong ng pakikibalikat
- sukatan ng pagkatao

Nagtapos ang pagsasanay sa pamamagitan ng kasunduan o *covenant* ng mga kasapi bilang kooperatiba-katiwala ng PCC.

Nagbitiw naman ng pangako ang PCC sa aasahang tulong mula rito ng mga magsasaka-katiwala.

“Asahan po ninyo na kami bilang bahagi ng PCC ay makakatuwang ninyo sa inyong kabuhayang salig sa kalabaw. Ikinagagalak po namin ang inyong pagsali sa programang ito bilang ika-51 na kooperatibang susuportahan namin”, ani Wilma Del Rosario, NIZ *coordinator*, sa kaniyang pangwakas na mensahe.

Ilang mga paalala sa “HEAT STROKE” sa kalabaw

Dahil sa pagtaas ng temperatura na bunga ng matinding sikat ng araw, ang mga alagang kalabaw ay maaaring magkaroon ng “heat stroke”. Ito ay isang uri ng kundisyon na nagdudulot ng pamumula at di wastong paggana ng mga bahagi ng katawan ng ating mga alaga.

Sa pag-atake ng kundisyong ito ay nasisira ang selula (*cells*) sa katawan ng ating mga alagang hayop na maaaring maging sanhi ng kamatayan nito.

Palatandaan na ang kalabaw ay nakararanas ng “heat stroke”:

- mabilis na paghinga
- dilat na mata
- paglalaway
- pasuray-suray o hindi paglakad ng direktso
- panghihina ng kanilang katawan
- biglaang pagbagsak ng katawan at pagkawalan ng malay
- maputla at tuyo ang giligid

Mga dapat gawin sakaling makitaan ng sintomas ng “heat stroke” ang alagang kalabaw:

- kapain ang singit ng kalabaw upang matiyak kung mainit ito o kung maaari ay kunan ng “rectal temperature” (ito ay ang temperature sa loob ng “pwet” ng kalabaw o ano mang hayop).
- Ang pagkakaroon ng temperatura na umaabot hanggang 40.5 °C sa may mga gulang nang kalabaw (adult) ay maaaring isa sa mga senyales ng pagdanas ng “heat stroke”.

Normal Rectal Temperature:

Adult: 38 °C to 39.5 °C

Calf: 38.5 °C to 40 °C

-ilagay o i-puwesto ang kalabaw sa malamig na lugar at paliguan ito. Siguraduhin din na ang tubig

ay direktang lumalapat sa balat ng kalabaw at hindi lamang basta nababasa

-kailangan ding lubusang nababasa ng tubig ang tiyan pati na ang mga binti ng kalabaw

-basain at paagusan din ng malamig na tubig ang dila ng kalabaw

-maaari ring kuhanan ulit ng “rectal temperature” matapos gawin ang mga nabanggit upang malaman kung maaari nang itigil ang pagpapalamig sa katawan ng hayop. Ang ligtas na temperatura ay nasa 39.4 °C; at

-sakaling ang temperatura ng kalabaw ay bumaba na, mangyari na agad kumonsulta sa beteryaryo upang malaman ang kundisyon ng alagang hayop.

Mga dapat gawin para hindi na ito mautil:

- panatilihin nakasilong ang alagang kalabaw bago ito iwanan
- iwasang itali sa lugar na kung saan mainit ang sikat ng araw

Mga dapat gawin upang maiwasan ang “heatstroke”:

- iwasang isuga sa mainit na lugar ang mga kalabaw sa pagitan ng ika-sampu (10:00) ng umaga hanggang ika-dalawa (2:00) ng hapon. Isilong sa malamig na lugar ang kalabaw sa naturang mga oras.

- siguraduhing may sapat na suplay ng malinis na inuming tubig ang mga kalabaw

- paliguan ang mga kalabaw isa hanggang dalawang beses o higit pa kung mainit ang panahon

- mas makakabuti na isagawa ang *pure-confinement* at *cut-and-carry system* ng pagpapakain upang maiwasan ang pagsusuga ng kalabaw at makaiwas din sa iba pang sakit.

Tuloy ang buhay...

(mula sa pahina 1)

siya sumali sa kooperatiba.

“Hinahangaan ko si Nanay sa mga ginagawa niya noon para tumatag ang koop. Naibalita na rin siya ng PCC dahil sa dedikasyon niya sa paggagatas ng kalabaw. Wala akong naramdamang hinanakit sa kanya kahit kakarampot na oras na lang ang nailalaan niya para sa amin dahil alam kong yung’ ginagawa niya ay hindi lang para sa amin kundi sa mas higit na nakararami,” kuwento ni Reina bilang pagbabalik-tanaw niya sa husay at katiyagaang ipinamalas ng kanyang ina na nais din niyang tularan.

Pitong gatasang kalabaw ang nasa pangangalaga ngayon ng pamilya Lumboy, pinakamarami ito kumpara sa

inaalagaan ng anim pang miyembro ng ABPC. Nang hindi palarin sa paglipad sa Singapore, tinutukan na lang ni Reina ang pag-aalaga ng kalabaw at dahil dito’y nakapagpundar siya ng sari-sari store, at natustusan ang pag-aaral ng anak na nasa elementarya pa lang.

“Itinuon ko na ang sarili ko pagsasaka ng tatlong ektaryang palayan kasabay ng pag-aalaga ng mga kalabaw. Maayos na kami rito, wala na akong balak na lumayo,” ani Reina.

Wala sa dami

Para kay Reina, hindi hadlang sa pag-unlad ang kakaunting bilang ng mga kasapi ng ABPC lalo nat’ kung kumikilos at

(Sundan sa p.3)

Mga nais maging kasapi ng kooperatiba sa paggagatas, binigyan ng pagsasanay

Ni: Charlene P. Corpuz



Nagbahagi ng kaalaman si Dr. Daniel Aquino patungkol sa *forage establishment and management* sa isinagawang *Buffalo Management Training* ng NIZ.

Ginanap kamakailan ang *Basic Buffalo Management Training* sa punong tanggapan ng Philippine Carabao Center upang matulungan ang mga magsasakang nais maging bahagi ng *dairy cooperative* ng PCC.

Kasabay ng pagsasanay na ginanap noong Marso 17-18 ang pagbibigay ng serbisyo at tulong-

teknikal sa ilang mga pribadong sektor na mayroong mga alagang kalabaw.

Pinangunahan ang nasabing pagsasanay ng mga kawani ng National Impact Zone at mga beterinaryo at eksperto sa paghahayupan ng PCC bilang mga tagapagbahagi ng kaalaman ukol sa wastong pag-aalaga ng kalabaw.

Binuo ang dalawang araw na

pagsasanay ng iba't-ibang paksa gaya ng Negosyo sa Gatasang Kalabaw at *Record Keeping* na ibinahagi ni Estella Valiente, *community development officer* ng NIZ; *Breeds and Breeding Management* at *Proper Milking and Milk Handling* ni Mario Delizo, *community development officer* ng NIZ; *Proper Housing Management* ni Dr. Cecilio Castañeda, *Body Scoring*

at *Herd Health Management* ni Dr. Lester Verona, mga beterinaryo ng NIZ; at *Calving Management* ni Genaro Candelaria, *supervising livestock specialist*.

Samantala, maliban sa mga kawani ng NIZ, nagbahagi rin ng kaalaman ang mga eksperto mula sa PCC sa CLSU gaya nina Dr. Daniel Aquino at Nomer Garcia ukol sa *Importance of Animal Nutrition at Forage Establishment and Management*, sa gayong pagkakasunod.

Sa pamamagitan ng nasabing pagsasanay, inaasahang mas lalawak ang kaalaman ng mga dumalo sa pag-aalaga ng mga kalabaw at higit na mapagyayaman ang kanilang sarili at kabuhayang salig sa kalabaw.

Bilang pagpapakitang-gawa sa mga kasalukuyang maunlad na modelo ng kabuhayang salig sa kalabaw na pinamamahalaan ng mga kooperatiba, dinala ang mga kalahok sa pagsasanay sa *farm* nina Melchor Correa (Eastern Primary Multipurpose Cooperative) at Eliseo Mislang (EPMPC) at maging sa PCC National Genepool, Milka Krem at Dairy Box.

Sa pamamagitan ng maikling lakbay-aral, nagkaroon ng inspirasyon ang mga nagsanay na maaari nilang isagawa sa kanilang mga sariling uumpisahang kabuhayan.

NEFEDCCO nagsagawa ng pangkalahatang pulong

Ni: Shekinah L. Peridas

Sa inihahaing bagong polisiya na susundin ng bawat miyembro nito, ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) ay nagmungkahing kolektahin ang 80% ng kabuuang litro ng makokolektang gatas samantalang ang natitirang 20% ay dapat na ilaan sa kanyang pamilya.

Isa ito sa mga polisiyang nais baguhin ng pederasyon ayon sa mga pag-uusap na isinagawa sa taunang pulong ng NEFEDCCO sa tanggapan nito sa San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija noong Abril 14.

Pakay ng naturang ika-14 na pangkalahatang pagpupulong na irebisa ang umiiral na polisiya sa pangongolekta ng gatas at pagtatalaga ng mga bagong opisyal para sa pederasyon.

Samantala, iminungkahi naman ni Crispin Barcancel ng Nag-iisang Masikap Primary Multi-Purpose Cooperative na magkaroon ng listahan ng mga kaparusahan para sa mga hindi dumadalo sa pagpupulong at tumugon sa mga napagkasunduang polisiya.

Makaraan namang ilahad ni Rosita Costañeto ang ulat pinansyal para sa taong 2014-2015 at ang kasalukuyang estado ng pakikipagbalikatan ng pederasyon sa Philippine Carabao Center (PCC) ay inaprubahan na ang *Action Plan* hanggang sa taong 2018 at taunang *budget* para sa

mga nakalatag na pagsasanay ng mga miyembro at mga bibilhing kagamitan para sa tanggapan.

Sa kabilang banda, naihalal ang mga sumusunod na mga bagong miyembro ng Board of Directors: Edgar Bacolor, Agpapa Irrigators Credit Cooperative, Crispin Barcancel, ng Nag-iisang Masikap Primary Multi-Purpose Cooperative; Florendo Collado, Simula ng Panibagong Bukas MPC; Gerardo delos Santos, Casile Dairy Cooperative; at Herminia Mallari ng Kapitbahayan sa A. Mabini Producers Cooperative.

Nahalal naman si Robert Natividad, ulong tagapagpaganap ng Pulong Buli PMPC bilang *Audit-Committee chairperson*.

Ang nasabing pulong ay dinaluhan ng mga tagapangulo ng iba't-ibang kooperatiba at mga kawani ng PCC na sina Wilma del Rosario, NIZ *coordinator*, Rolando Vasquez, *Agriculturist II*; Estella Valiente, *science research specialist II*; Mario Delizo, *development officer II*; at Zadieshar Sanchez, *administrative officer V*.

Tuloy ang buhay... (mula sa pahina 2)

nagkakaisa ang lahat sa iisang tanawin.

"Hindi naman problema iyon. Ang sa akin lang ay magkaroon sana kami lagi ng iisang desisyon at talagang kikilos ang lahat. Sa paggagatas, halimbawa, dapat kaming pito ay hindi bababa sa walong litro ang maibebenta araw-araw para tumaas ang pondo namin," ani Reina.

Tinawag ng kasalukuyang tagapangulo ng ABPC ang kanilang estado na pagbabalik-tiwala bilang depensa sa kanilang desisyong huwag munang magparami ng miyembro.

"Ayaw muna namin mang-engganyo ng marami. Gusto naming unahing ayusin ang sistema sa kooperatiba. Kailangan munang may mapatunayan kami ulit at may makikita na dapat silang bago," paliwanag ni Reina.

Tiyak na pag-angat

Kaakibat ng inaasam na muling pagpapalago ng kooperatiba, nagkaroon ng serye ng pagpupulong ang mga kasapi ng ABPC ngayong taon na layuning makagawa ng sarili nitong mga produkto mula sa gatas ng kalabaw. Ang mga gawaing ito kasama na ang

proyekto sa *vermicomposting* ay mga hakbangin upang mapataas ang pondo ng samahan.

"Plano namin ngayong taon na huwag munang magbenta ng gatas dahil kami na mismo ang magpoproseso nito. At kung matuto pa kaming mag-*vermicompost*, lalo nang mabilis naming mapatataas ang kita ng koop. Madami kaming gustong gawin, at titiyagain naming maisagawa lahat," ani Reina.

Kapag pinalad ang kanyang grupo sa mga nabanggit na gawaing ito, sisimulan na nilang manghikayat ng mga gustong maging miyembro ng ABPC.

"Ang gusto namin, kapag sumali sila sa koop ay siguradong matatama sa nila ang mga benepisyo ng aming pinagtrabahuhan," ani Reina.

Isang aral ang natutunan ni Reina sa lahat ng napagdaang pagsubok: magtiyaga at huwag bibitaw. Bilang itinalagang lider, kalakasan ni Reina ang maagang pagkamulat sa biyayang hatid ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Mula sa ganitong gawain, nabuhay ang kanyang pamilya at ito rin nag-iisang dahilan kung bakit siya nagpapatuloy.

Animal medical mission ng PCC, PSAS layong supilin ang parasito sa paghahayupan

Ni: Ma. Cecilia C. Irang

Katuwang ng PCC ang mga estudyante ng CLSU College of Veterinary Science and Medicine sa pagpupurga sa iba't-ibang ruminants tulad ng kalabaw.



Nagtipon kamakailan ang mga siyentista ng hayop, mananaliksik at eksperto mula sa Philippine Carabao Center (PCC) at Philippine Society of Animal Science (PSAS) sa PCC headquarters para sagutin ang tumataas na panganib sa mga parasitong namumugad sa iba't-ibang hayop.

Naganap ang PCC-PSAS lecture series sa Eusebio-Castillo hall habang ang animal outreach program naman ay sa Brgy. Licaong, Science City of Muñoz, Nueva Ecija noong Marso 29.

Samantala, sina Dr. Virginia Venturina, dean ng CLSU-College of

Veterinary Science and Medicine, at Dr. Elizabeth Molina ng College of VetMed at director for extension ng University of Southern Mindanao, ang mga nagsilbing tagapagsalita sa lecture series.

Isinagawa ang animal medical mission sa Licaong noong hapon kung saan idinaos ng mga beterinaryo ng National Impact Zone at estudyante ng CLSU College of Veterinary Science and Medicine ang pagpupurga sa iba't-ibang ruminants katulad ng kalabaw, baka, at kambing. Maging ang mga aso sa lugar ay nabigyan din ng kaparehong serbisyo.

Tinalakay ni Dr. Venturina ang paksa tungkol sa "Sustainable Control

of Gastrointestinal Worm Infection in Goats Towards Increased Productivity." Ipinaliwanag naman ni Dr. Molina kung paano maiwasan at magagamot ang fasciolosis.

Pagkatapos ng mga lektur, binigyang-parangal naman ng PSAS si Dr. Salcedo Eduardo, professor emeritus ng University of the Philippines - Los Baños, sa kaniyang pagpapamalas ng pambihirang kontribusyon sa larangan ng agham at teknolohiya.

Ang kaniyang mga pag-aaral sa livestock parasites partikular na sa helminthology ang kanyang naging daan upang maging academician sa National Academy of Science and Technology (NAST).

Ayon sa pagsusuri ng NAST, si Dr. Eduardo ay nakatulong sa pagsasagawa ng sound control measures sa pangangalaga at pamamahala ng mga hayop para sa ikabubuti na rin ng kalusugan ng publiko.

Sinabi ni Dr. Eric P. Palacpac, kasalukuyang PSAS president at PCC research for development national coordinator, na karapat-dapat ngang bigyang parangal ang mga kahanga-hangang gawa ni Dr. Eduardo. Siniguro rin niya sa mga kalahok na ipagpapatuloy nilang isagawa ang PSAS lecture series para maging daan sa pagpapaangat ng kaalaman at kakayahan ng mga mananaliksik at mag-aaral sa larangan ng animal sciences.

SIPBU pinasalamatan ang PCC sa kanyang ika-16 na anibersaryo

Ni: Charlene P. Corpuz

Hangad ng Philippine Carabao Center (PCC) na maging epektibong ahensyang pang-agrikultura na tumutulong sa mga magsasaka na umunlad sa larangan ng paggagatas ng kalabaw.

Naging patotoo rito ang mga magsasakang-maggagatas ng Simula ng Panibagong Bukas (SIPBU), isa sa kooperatibang katuwang ng PCC sa Nueva Ecija na nagdaos ng ika-16 na taong anibersaryo ng pagkakatatag sa Porais, San Jose City nitong Marso 11.

Dinaluhan ang nasabing pagtitipon ng nasa 50 miyembro ng SIPBU, mga kinatawan mula sa Department of Agrarian Reform, Landbank of the Philippines, Development Cooperative Office at National Impact Zone ng PCC.

Samantala, bahagi rin ng ginanap na palatuntunan ang pagsasagawa ng general assembly kung saan tinalakay ng SIPBU ang estado ng kanilang kooperatiba sa aspetong pinansyal at mga plano nito upang mapalago ang kanilang pondo.

Nagpasalamat si Mario Delizo, attending technician/development officer ng PCC sa pagtitiwala ng kooperatiba sa PCC bilang maaasahang katuwang sa industriya ng paggagatas ng kalabaw. Ikinuwento rin niya sa pagtitipon ang pagsisimula ng naturang kooperatiba, mga problemang nalampasan nito, at ang unti-unting paglago at pagdami ng mga miyembro na sama-sama ngayong tumatamasa ng tagumpay sa kanilang nasumpungang kabuhayang salig sa kalabaw.

Nahirang ang SIPBU bilang Best Producers Cooperative sa Pagkakalabaw sa Nueva Ecija noong ipinagdiwang ng PCEDO (Provincial Cooperative Entrepreneurial Development Office) ang Araw ng Koop noong Oktubre 2008.

Nagpatuloy ang magandang paglago ng kooperatiba hanggang sa napili ito ng PCC bilang Best noong Cooperative taong 2009 at 2010.

Kasama rin sina Wilma Del Rosario at Estella Valiente, NIZ coordinator at development officer, sa mga piling dumalo sa selebrasyon.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng
Kagawaran ng Agrikultura

Rowena Galang-Bumanlag
Patnugot

Paul John P. Villamor
Tagapamahalang Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Paul John P. Villamor
Layout at Disenyo

Ma. Cecilia C. Irang
Paul John P. Villamor

Chrissalyn L. Marcelo
Marilou A. Vallarta

Mga Manunulat Tagapamahala ng Sirkulasyon

Charlene P. Corpuz
Shekinah L. Peridas
Nag-ambag ng Artikulo

Eric P. Palacpac
Tagapayo

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture

PHILIPPINE CARABAO CENTER

CERTIFIED: ISO 3001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

www.pcc.gov.ph



Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at e-mail: pcc-oed@mozcom.com